BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ang pinanukalang 2023 Badyet ng Brampton ay Nagtatayo ng Pundasyon para sa hinaharap

## *Ang Panukala ay nagtataguyod ng mas ligtas, mas nakakalusog at mas konektadong mga komunidad, kabilang ang pinakamalaking kontribusyon sa mga reserve*

BRAMPTON, ON (Pebrero 16, 2023) – Ang balangkas ng 2023 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay available na ngayon para sa input, mga ideya at feedback.

Ang pinanukalang badyet ay nagha-highlight sa maraming mahalagang mga proyektong gusali sa lungsod at mga prayoridad sa kaligtasan at kabutihan ng komunidad, habang pinanatiling mas mababa sa mga antas ng inflation ang pag-akyat ng halaga ng buwis,sa isang 2.9 porsyento ng porsyon ng lungsod sa tax bill. Kabilang sa badyet ang pinakamataas na kontribusyong $134 milyon sa mga reserve, habang nagbabase sa at nagpapatuoy sa suporta para sa makasaysayang mga pamumuhunan sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pangalawang ospital at bagong cancer care centre.

Para ihatid ang umiiral na mga programa at serbisyo ng Lungsod, panatilihing nasa maipagpapatuloy na antas ang imprastraktura at maghanda para sa paglago sa hinaharap, ang panukala ng Lungsod sa Komite sa Badyet ay 2.9 porsyento ng pagtaas sa buwis sa ari-arian para sa mga serbisyo ng Lungsod. Kung maaprubahan, ang 2023 buwis sa ari-arian ay magpapakita ng 2.9 porsyento na pagtaas sa buwis ng ari-arian para sa mga serbisyo ng Lungspd, 2.8 porsyento para sa mga serbisyo ng Rehiyon ng Peel at 0 porsyento para sa mga School Board para sa kabuuang 5.7 porsyento. Ang kabuuang pagtaas sa buwis sa ari-arian ay magiging $321 sa average na panresidensyang ari-arian ng sambahayan sa Brampton.

Bawat taon, ang taunang badyet ng Lungsod ng Brampton ay tumutukoy sa mga prayoridad, layunin at inisyatiba na nagtitiyak na ang Lungsod ay namumuhunan sa mga prayoridad na mahalaga sa mga residente. Nakita ng isang tele town hall kamakailan na tinukoy ng mga residente na ang pangangalaga sa kalusugan, mababang buwis, kaligtasan ng komunidad, at paglilibang ay mahahalagang prayoridad para sa kanilang mga dolyar sa buwis.

**Mga mahahalagang highlight sa pinanukalang 2023 Badyet**

*Imprastraktura ng Komunidad*
- $492 milyong pamumuhunan sa mga proyekto sa Kapital
- $21 milyon sa loob ng tatlong taon tungo sa rebilitasyon ng downtown

*Pangangalaga sa Kalusugan*
- Pagtutuloy sa levy ng ospital para masuportahan ang konstruksyon ng pangalawang ospital para sa Brampton at isang bagong cancer care centre

*Transportasyon*
- $210 milyon tungo sa pagsasakuryente sa mga pasilidad ng transportasyon at isang bagong storage ng transportasyon at pasilidad ng maintenance

- $15.4 milyon para sa ekspansyon ng serbisyo ng Züm sa kahabaan ng Chinguacousy Road corridor

*Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Komunidad at Emergency*

- Higit sa $650,000 para maihatid ang Plano ng Aksyon sa Kaligtasan ng Komunidad
- $8 milyon tungo sa bagong kasangkapan para sa sunog at mga sasakyan
- 24 na bagong full-time na mga firefighter

*Mga Pamumuhunan sa Isport at Libangan*

- $24 na milyon para i-redevelop ang Howden Recreation Centre, kabilang ang konstruksyon ng isang bagong sports field
- $9 na milyon para i-develop ang cricket, soccer, tennis fields at mga gusali sa Gore Meadows

Ang mga dokumento ng pinanukalang 2023 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay makikita dito.

**Iparinig ang inyong opinyon sa 2023 Badyet**

Ang mga miyembro ng publiko ay iniimbitahan na patuloy na makikilahok sa buong proseso ng badyet habang hino-host ng lungsod ang serye ng mga telephone town hall, ang mga coffee chat na partikular sa ward at roundtable ng negosyo.

Ang mga sasali ay magkakaroon ng pagkakataon na ibahagi ang kanilang mga iniisip tungkol sa mga prayoridad ng komunidad, magtanong sa staff ng Lungsod at magbigay ng mga ideya habang tinatrabaho ng Mayor at ng mga Konsehal ang 2023 Badyet.

I-save ang mga petsa

- Ward Coffee Chats – Pebrero 21, 22, 23, at 24, 2023
- Virtual Business Roundtable – Pebrero 23, 2023 sa 8 am
- Telephone Town Hall #2 – Pebrero 25, 2023 sa 12 pm

Ang karagdagang mga detalye ay makikita sa www.brampton.ca/budget at sa Twitter, Facebook at Instagram ng Lungsod ng Brampton.

**Timeline ng Badyet 2023**

Magsisimula ang mga deliberasyon sa Pebrero 27, 2023, na pinlano ang pag-apruba sa badyet para sa Marso 2023.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2023 Badyet ng Lungsod ng Brampton, bisitahin ang www.brampton.ca/budget.

**Mga Quote**

"Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin, at ang pinanukalang badyet na ito ay nagpapatunay niyan. Ang pangangalagang pangkalusugan at ang kaligtasan ng komunidad ang mahahalagang haligi sa pagsulong ng ating Lungsod. Patuloy tayong nagtataguyod para sa patas na parte natin, habang nagtatayo ng isang mas ligtas at mas nakakalusog na lungsod para sa kinabukasan. Ang ating pamumuhunan ay natutugunan ng kahanga-hangang paglago, dahil na-secure natin ang unang bagong paaralang medikal sa GTA. Habang pinagsisikapan ang prosesong ito, gusto

naming malaman kung ano ang mahalaga sa inyo at kung paano natin maitatayo ang Brampton sa hinaharap – nang magkakasama.”

- *Patrick Brown, Mayor; Chair, Budget Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang badyet ng Lungsod ay ang gabay natin sa pagpapanatili sa antas ng serbisyo na nararapat sa ating komunidad at pamumuhunan sa pagtayo ng Lungsod para sa ating kinabukasan. Taon-taon, ang prosesong ito ng pagtutulungan ay nagpapahintulot sa atin ng pagkakataon na makarinig mula sa ating mga residente at tumugon sa mga pangangailangan ng residente. Ipinagmamalaki ko kung nasaan tayo at inaasahan ang makarinig mula sa mga tao sa Brampton habang magkasama nating pinagsikapan ito at namumuhunan sa pagtugon sa mga hamon sa ating healthcare at klima bilang isang komunidad.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice Chair, Komite ng Badyet, Lungsod ng Brampton*

“Ang Pinanukalang 2023 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay sumusunod sa balanseng pamamaraan, na nagpapahintulot sa atin na magpatuloy sa pagbibigay ng di-kapani-paniwalang serbisyo sa mga tumatawag sa Brampton na tahanan at nagpapalago sa Lungsod sa responsableng pamamaraan. Napakahalaga ng input ng publiko, at ibinase namin ang badyet sa gustong mga prayoridad ng komunidad na pamumuhunan sa pangangalagang pangkalusugan, kaligtasan ng komunidad, mababang mga buwis at mga amenidad ng paglilibang. Hinihikayat ko ang lahat na maglaan ng panahon para ibahagi ang kanilang mga iniisip habang dinaadanan natin ang iba na namang taon na may maraming napagtagumpayan sa horizon.”

- *Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca